Mga Serbisyong Suporta para sa mga Etnikong Minoridad

Ang WFAO ay nakatuon sa pagbibigay ng lahat ng posibleng tulong sa mga nangangailangan na sambahayan ng etnikong minorya (EM) upang hindi sila mawawalan ng pagkakataong mag-aplay para sa Alawans ng Nagtratrabahong Pamilya (WFA).

Ang mga polyeto at paskil sa 7 wika ng EM (katulad ng Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai at Urdu) ay magagamit upang ipakilala ang mga pangunahing katangian ng Iskema ng WFA sa mga kabahayan ng EM.

Ang mga kabahayan ng EM ay maaari ring magsangguni sa Halimbawa para sa Pagkumpleto ng Pormularyo ng Aplikasyon na isinalin sa 7 EM wika sa pagpuno ng Pormularyo ng Aplikasyon.

Habang nasa panahon ng aplikasyon, ang mga EM na aplikante ay bibigyan ng isang papel ng mga impormasyon kung paano at kung saan maaari silang humingi ng tulong para sa suporta sa wika kapag sumulat kami upang humingi ng karagdagang impormasyon mula sa kanila.

Para sa mga sambahayan ng EM na tumatawag sa aming hotline o pagbisita sa aming opisina, ang serbisyong interpretasyon ng telepono sa mga wikang EM na ito ay maaaring isagawa nang walang bayad sa tulong ng Sentro ng Pagkakaisa at Pagpapahusay ng mga residente ng Etnikong Minoridad (CHEER). I-tsek sa 2558 3000 o sa CHEER.

Ang CHEER ay itinataguyod ng Kagawaran ng Home Affairs (HAD) upang magkaloob ng mga magagamit na interpretasyon at mga serbisyong pagsasalin sa mga sambahayan ng EM. Tingnan ang mga serbisyo sa Mga Sentro ng Serbisyong Suporta para sa mga Etnikong Minoridad na pinondohan ng HAD.